# Ibigay ninyo sa akin ang damit ko,Kung nagmamay-ari lang ako tulad ng bilang ng Punongkahoy na Edhah na ito ng mga alagang Hayop,tunay na hinati ko na ito sa pagitan ninyo,at hindi ninyo ako makikitang [kabilang sa] Maramot,at hindi rin Sinungaling at hindi rin Duwag.

Ayon kay Jubayr bin Mut`im malugod si Allah sa kanya-Nagsabi siya: Habang siya ay naglalakad kasama ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-sa pagbabalik niya mula sa Hunayn,Naantala ang mga Arabo na nagtatanong sila sa kanya,hanggang sa napilitan silang [pumunta] sa Puno ng Samra,Isinampay niya ang damit niya,Tumayo ang Propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan; nagsabi siya:(( Ibigay ninyo sa akin ang damit ko,Kung nagmamay-ari lang ako tulad ng bilang ng Punongkahoy na Edhah na ito ng mga alagang Hayop,tunay na hinati ko na ito sa pagitan ninyo,at hindi ninyo ako makikitang [kabilang sa] Maramot,at hindi rin Sinungaling at hindi rin Duwag.

[Tumpak] [Isinaysay ito ni Imām Al-Bukhārīy]

Nang bumalik ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan mula sa Pandarambong sa Hunayn,at ito ay bangin sa pagitan ng Meccah at Taif,at kasama niya si Jubayr bin Mut`em-malugod si Allah sa kanya-naantala ang mga tao sa kanya,na tinatanong nila ang tungkol sa mga nadambong hanggang sa nakasilong sa Puno ng Samrah-at ito ay kabilang sa mga puno ng Disyerto na may mga tinik-isinampay niya ang damit niya sa may tinik nito,at naakit rito ang mga arabo,Nagsabi ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-Ibigay ninyo sa akin ang damit ko,Kung nagmamay-ari lang ako [tulad] ng bilang ng Punong Edhah-at ito ay punongkahoy na maraming tinik-ng mga Alagang Hayop mula sa Kamelyo,Baka,at Tupa,tunay na hinati kona ito sa pagitan ninyo,pagkatapos ay nagsabi siya:At kapag sinubukan ninyo ako,at hindi ninyo ako makikitang [kabilang sa] Maramot,at hindi rin Sinungaling at hindi rin Duwag.